# KULANG NA PAGBABAYAD NG SAHOD SA trabaho

Employment Rights Legal Service

Tinitingnan ng papel-kaalaman na ito kung ano ang maaari mong gawin kung kulang ang ibinabayad na sahod sa iyo sa trabaho.
Kung ikaw ay:

- hindi binabayaran nang tama o hindi man lang nababayaran,
- hindi binabayaran para sa pagtatrabaho sa gabi o sa katapusan ng linggo (penalty rates), o
- hindi binabayaran para sa mga karapatang tanggapin gaya ng taunang bakasyon, bakasyon sa pagkakasakit, bakasyon sa matagal na serbisyo o bayad sa redundancy,

maaaring mayroon kang ligal na karapatan na mabawi ang utang sa iyo.

**Ang kailangan mong gawin**
**Hakbang 1.** Alamin kung magkano talaga ang utang sa iyo
**Hakbang 2.** Talakayin ang isyu sa iyong tagapag-empleyo
**Hakbang 3.** Sumulat ng isang liham ng kahilingan (letter of demand)
**Hakbang 4.** Gumawa ng reklamo sa Fair Work Ombudsman; at/o
**Hakbang 5.** Gumawa ng paghahabol (claim) sa korte

**Hakbang 1: Alamin kung magkano talaga ang utang sa iyo**
(a) Magkano ang ibinayad sa iyo? Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagsuri sa iyong mga payslip, group certificate at bank statement.
(b) Ang pagkakaiba sa pagitan ng dapat na ibinayad sa iyo, at ang halagang ibinayad sa iyo ay ang halaga ng utang sa iyo.
(c) Kung nahihirapan kang kalkulahin ang iyong underpayment, maaari kang humingi ng ligal na payo.

**Hakbang 2: Talakayin ang isyu sa iyong tagapag-empleyo**
Makipag-usap sa iyong tagapag-empleyo tungkol sa kulang na pagbabayad at hilingin na ayusin ang problema. Maaaring hindi sinasadya ng iyong tagapag-empleyo na kulang ang ibayad sa iyo; maaaring siya ay tunay na nagkamali. Sa ganitong sitwasyong, maaaring sapat na ang pakikipag-usap sa iyong tagapag-empleyo upang malutas ang problema.



**Sumulat ng mga tala!** Magandang ideya na itala ang anumang mga pag-uusap ninyo ng iyong tagapag-empleyo tungkol sa kulang na pagbabayad, kabilang ang petsa, pangalan ng taong nakausap mo, at kung ano ang sinabi niya. Kung hindi nagbunga ang pakikipag-usap sa iyong tagapag-empleyo, maaaring kailangan mong isaalang-alang ang Hakbang 3.

**Hakbang 3: Sumulat ng isang liham ng kahilingan (letter of demand)**
Sumulat ng isang 'letter of demand' sa iyong tagapag-empleyo na nagsasaad ng halaga ng utang sa iyo at kung paano ito kinalkula. Hilingin sa iyong tagapag-empleyo na bayaran ka ng halagang dapat bayaran sa loob ng makatwirang tagal ng panahon (karaniwang 14 na araw), at ipaalam sa iyong tagapag-empleyo ang mga hakbang na maaari mong gawin kung hindi nagawa ang pagbabayad (tingnan sa ibaba).

**Hakbang 4: Gumawa ng reklamo sa Fair Work Ombudsman**
Kung ang iyong tagapag-empleyo ay tumangging bayaran ang halaga na utang sa iyo, maaari kang humingi ng tulong sa FWO: https://bit.ly/fwo-how-we-help. Maaaring magtalaga ang FWO ng inspektor sa lugar ng trabaho upang siyasatin ang iyong reklamo, at tulungan kang isagawa ang proseso ng mga reklamo.

**Hakbang 5: Gumawa ng claim sa Korte**
Maaari ka ring mag-aplay sa korte para mabawi ang iyong pera. Kung ang iyong claim ay para sa $100,000 o mas mababa at may kasamang paglabag sa:

- minimum na karapatang tanggapin sa ilalim ng National Employment Standards,
- karapatang tanggapin sa ilalim ng isang Award; kasunduan sa negosyo;
- kautusan sa pambansang minimum na pasahod;
- kautusan ng Fair Work Commission.

maaari mong gamitin ang proseso ng maliliit na paghahabol (small claims) sa Federal Circuit and Family Court of Australia (**FCFCA**) o sa Lokal na Korte ng NSW upang humingi ng mga underpayment gamit ang medyo di pormal at mabilis na proseso. Hindi mo kailangan ng abogado para maghain ng underpayment claim laban sa iyong tagapag-empleyo ngunit makakatulong na humingi muna ng payo.

**Pangkalahatang Dibisyon (General Division):**
Kung ikaw ay naghahabol ng mahigit sa $100,000 o gustong mag-claim ng mga penalty, maaari kang maghain ng general application sa FCFCA. Ang proseso sa paghahain ng general division claim ay maaaring mas kumplikado at ang bayad sa paghahain (filing fee) ay mas mahal kaysa sa bayad sa small claims division. Sa general division, ang iyong tagapag-empleyo ay maaaring utusan na direktang magbayad ng penalty sa iyo dahil sa paggawa nito ng mali.

Para sa mga claim na inihain sa ilalim ng Fair Work Act 2009 (Cth), kung hindi matagumpay ang iyong claim, sa mga pambihirang kaso ay uutusan ka ng korte na bayaran lamang ang mga ligal na nagastos ng iyong tagapag-empleyo.

**Lokal na Korte ng NSW at iba pang mga Korte ng Estado:** Maaari ka ring magsimula ng kaso sa Chief Industrial Magistrates Court o Lokal na Korte ng NSW para sa paglabag sa kontrata ng trabaho. Kung hindi matagumpay ang iyong paghahabol, maaari kang utusan na bayaran ang mga ligal na nagastos ng iyong tagapag-empleyo. Sa lokal na korte ay may mga limitasyon sa halaga ng mga gastos na maaaring igawad laban sa iyo.

**MAHALAGA:** mayroon kang 6 na taon upang ihain ang iyong claim para sa hindi binayarang sahod mula sa petsa kung kailan nagkulang ang ibinayad sa iyo.

**Saan ako makakakuha ng Ligal na Payo?**
Ang impormasyong nakapaloob sa papel-kaalamang ito ay pangkalahatang impormasyon lamang. Hindi ito kahalili ng paghingi ng ligal na payo tungkol sa iyong indibidwal na sitwasyon. Kung gusto mong umaksyon para mabawi ang kulang na pagbabayad, inirerekomenda namin na humingi ka ng ligal na payo, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

*Employment Rights Legal Service sa 02 8004 3270 o online sa erls.org.au. Tinutulungan namin ang mga migranteng manggagawa at internasyonal na mga mag-aaral at makakakuha ng serbisyo ng isang interpreter upang makatulong

*Matutulungan ka ng LegalAid NSW na mahanap ang inyong lokal na CLC. Pumunta sa legalid.nsw.gov.au o tumawag sa 1300 888 528.

Nailathala: 29 Oktubre 2018 ng Employment Rights Legal Service. Binago noong Nobyembre 13, 2023